

PROLOGUE

I was never fond of secrets but for the sake of friendships—yes, plural, I had to keep one.

These days, I fondly call her ‘Sweet Tasty Divine’. Parang iyong boses na nagsasalita sa Facebook and Android game na Candy Crush kapag may naki-clear na mga jelly. Crap, I can’t believe I actually know that game but yes, I do. Pero kalimutan na natin iyan at balikan natin si Divine.

Maaaring itinuturing kong kaibigan ngayon si Divine dahil bukod sa miyembro siya ng bandang regular na tumutugtog sa Cielito’s ay ka-tie up din ng negosyo ko ang kompanyang pinagtatrabahuhan niya, na nagpo-provide ng furniture at decor. Kanang-kamay siya ng general manager at siyang lagi kong kausap sa tuwing may orders ako.

Ngunit isa din siya sa malalapit na kaibigan ng college ex-girlfriend ko na si Sydney, na siyang nagbigay din ng daan upang eventually ay mas ‘kilalanin’ namin ang isa’t isa.

It was the summer after Sydney broke up with me, at ginugol ko iyon sa resthouse na pag-aari

Like The First Time - Sachi Bliss

ng isang ninong ko na nakabase sa Davao. Turns out that resthouse was right beside the beachfront property owned by Divine's family. Kapwa namin hindi inaasahan na magkikita kami doon, ngunit hindi iyon naging hadlang upang maging mas malapit kami.

Halos araw-araw sa kabuuan ng summer break ay magkasama kami. Until we just ended up kissing one afternoon which made us decide to try being together while we're both on vacation. Summer flings. Sino ako para tumanggi? I was lonely, and was kind of depressed because my girlfriend of one year broke up with me. At ang dahilan pa ng pakikipaghiwalay ay ang gago niyang first love na bukod sa wala namang pakialam sa kanya ay wala na ding ibang ginawa kundi ang saktan siya.

Pero ano ang laban ko sa nararamdaman ni Sydney para sa asshole na iyon?

I let her go. But thank God because weeks after, I was given the chance to get to know the beautiful, sexy, smart, funny Divine Liu.

Iyon na yata ang isa sa pinakamasaya kong summer, sa kabila ng pinagdaanan ko. Bawat araw, may bago. Kada pagkikita namin, hindi puwedeng hindi ako ngumiti o tumawa. She was light and laughter and love. She made me forget somehow. She

helped me heal.

Bago kami maghiwalay dahil kailangan na niya munang bumalik ng Manila para sa pagsisimula ng trimester sa college nila, sinabi ko sa sarili kong hindi puwedeng doon na lang magtapos ang lahat. I tried to tell her what we had should go beyond summer, but she told me I should think about it first.

Isa pa, sa kabila ng nag-enjoy din daw siya ay ayaw rin niyang malaman ng mga kaibigan niya ang tungkol sa amin, lalo na si Sydney. She was honest enough to admit that her friendship with my ex is more important. Hindi sa itinuturing niyang mali ang pinagsamahan namin, pero ayaw rin niyang maging paraan iyon upang magkasira sila ni Sydney.

When she apologized, I knew what we had was over.

It was sad and painful. Two heartbreaks in a matter of three months. Pero wala rin naman akong magagawa. Hanggang doon lang kami.

And perhaps, each other's dirty little secret.

1

“Okay na, Miss Divine. Nagkaproblema lang sa scripts sa inquiry section. Wala namang virus ang site natin,” nakangiting sabi ng head ng IT department nila na si Gelo.

“Good! Salamat. I will send an email to the managers, pero mag-email ka din sa kanila at i-inform mo na ayos na at pakibigyan din ng instructions kung ano ang gagawin sakaling magkaproblema ulit.” Tinungo na ni Divine ang pinto. “Thanks, guys. Enjoy your weekend!” Kumaway siya sa iba pang katrabaho na nasa loob ng opisina bago lumabas sa hallway.

Mag-a-alas seis na ng gabi at mahigit tatlung minuto rin siyang nanatili sa IT department. Siniguro kasi niyang masosolusyunan kaagad ng mga ito ang problema sa website ng *Regalia*, ang furniture design and manufacturing company na isa lang sa maraming negosyo ng *Regalia Group*, kung saan kanang-kamay siya ng CEO niyon na si Shaun Mondragon.

Ngayon ay pabalik na siya sa kanyang opisina may connecting door sa eleganteng tanggapan ng lalaki. Sa loob ng mahigit pitong taon niyang pagtatrabaho rito na nagsimula bilang isa sa mga

trainees sa design departments, naging malapit sila sa isa't isa. Shaun was only two years older than her and also the founder of *Regalia Furniture*.

Ito rin ang head designer at siya ang assistant nito, hanggang sa i-turn over kay Shaun ng lolo nitong nagretiro sa pagka-CEO ang posisyon three years ago. Hindi na ito nag-abalang kumuha ng executive assistant. Nag-retire na rin kasi ang EA ng abuelo nito and he thought he'd only want to closely work with people he really trusted, and that had always been her.

“Hey, Baby, I’m back!” tawag niya sa sandaling maisara ang pinto ng kanyang opisina. People often thought that she and Shaun have been dating, lalo na kapag naririnig ng mga ito ang endearment nila sa isa't isa. Madalas din siyang isama nito sa tuwing magbabakasyon. Truth was, they were just the best of friends. They couldn't be lovers, ever.

Shaun Mondragon was gay, at isa lang siya sa kakaunting tao na may alam niyon. Duda pa siya kung alam din ng barkada at brothers nito sa fraternity noong college ang preference ng kaibigan. Ni hindi nga iyon alam ng pamilya ng kaibigan.

Ulila na ito at nag-iisang anak pa. Ang lolo at lola ang itinuturing nitong magulang sa loob ng

nakalipas na dekada. His grandparents were both very old-fashioned and had no idea that their beloved grandson was into men. Shaun didn't know how to tell them either, although he wanted to.

Pinlano nitong lumantad tatlong taon ang nagdaan, ngunit noon din naman in-announce ng lolo nito na sa binata ipapasa ang posisyon nito. Isang bagay iyon na alam nilang ikinagulat, at hanggang ngayon ay hindi matanggap ng mga tiyuhin at pinsan ni Shaun na matagal nang inaasam ang posisyon. Simula noon ay di iilan na rin ang naging threat sa posisyon at sa buhay nito, na nalalampasan naman ng kaibigan niya. Ngunit habang lumilipas ang taon at habang wala silang nakukuhang matibay na ebidensya laban sa mga gumagawa niyon, lalo naman iyong nagiging mas matindi at mapanganib.

Kaya tuloy hindi ito maiwan ni Divine, and she vowed to protect him at all costs. She didn't mind being the fake girlfriend. Anyway, wala naman siyang prospect at wala ring ibang lalaking magkainteres sa kanya. Except for...

Huh, bakit ba bigla niyang naisip ang lalaking iyon? Nailing na hinarap niya ang computer at nakitang mayroon siyang sunud-sunod na mensahe sa *Skype*. Pati ang cellphone niya ay may new messages

din. At lahat ay galing kay Shaun.

Babe, since when did you start wearing Touch of Pink? I thought you hate Lacoste?

Oh, shit, this bitch isn't you! Pero kapareho ng suot mo, Viney.

*F*ck, Viney! Who is this bitch?*

Come back here, please.

Pakiramdam niya ay nanlamig ang dugo niya sa nabasa. Tiningnan niya ang nasa cellphone. It was a voice message. Nang pakinggan niya ay boses ni Shaun, na tila hinang-hina at hirap huminga ang narinig niya.

“You know what to do, Viney... I’m afraid...” He was gasping. *“They got me this time. Hindi pa tapos... That number...”* Halos hindi na marinig ang sumunod nitong sinabi. *“Call... number.”* Kasunod niyon ang tunog ng tila pagbagsak.

Nanginginig na ibinulsa niya ang cellphone. Kahit kinakabahan at natatakot ay kailangan niyang manatiling alerto. Tinungo niya ang opisina ng CEO at hindi na niya napigilang mapaluha nang makita ang ayos ni Shaun. Nakalugmok ito sa mesa at duguan ang ulo hanggang sa balikat nito.

She wanted to get to him first, ngunit kailangan niyang sundin ang lahat ng napag-usapan nila dati pa. Alam nitong hangga't hindi ito namamatay ay magkakaroon ng kasunod ang mga pag-atake rito. Kaya sa loob ng nakalipas na taon ay pinlano nila kung paano mahuhuli ang salarin.

Tinawagan niya ang head of security ng *Regalia Group*, na mula sa agency na pag-aari ng isang kasamahan ni Shaun sa fraternity at loyal sa binata. Ito rin ang binilinan niyang tumawag ng ambulansya mula sa *Saint Martin's Medical Center* na nasa malapit lang.

Kasunod niyon ay lumapit siya sa nakabukas pang laptop ni Shaun. Kinuha niya ang flash drive na nakakabit doon bago iginala ang paningin sa kuwarto. Bukod sa pigurang nakalugmok sa mesa ay wala namang ibang senyales na may iba pang ginawa roon ang salarin.

Her heart was raging as she tried to feel for Shaun's pulse. Papahina na ang pintig niyon. Nilapitan niya ang bintanang gawa sa salamin at nakitang parating na ang ambulansyang binilinan na huwag nang patunugin ang siren.

Binalikan ni Divine ang kaibigan at masuyong hinaplos ang gilid ng mukha nito. "Help is on the

way, Baby. You will be fine.” Tuluyan nang nabasag ang boses niya at napaluha.

Walang dapat aksayahing sandali. Kinuha niyang muli ang cellphone at pinindot ang speed dial number 9, na si Shaun mismo ang nag-save na ayon dito ay kanilang ultimate emergency number.

“Sino ba kasi itong mystery man natin na ito, Shaun? Superhero ba ito at top secret talaga ang identity?” nailing na sabi niya bago pinindot ang call button.

Upang muntik lang iyong mabitawan nang marinig ang sumagot sa kabilang linya.

“Divine,” that familiar baritone said, sure about who she was. And worried because he probably knew exactly why she called.

Hindi niya alam ang sasabihin. Shocked pa siya. Humigpit lang ang hawak niya sa cellphone.

“I will see you soon,” muling sabi ng lalaking nasa kabilang linya bago ito na mismo ang pumutol ng tawag.

Naibalik na niya sa bulsa ng jacket ang cellphone ay tulala pa rin siya.

“Mr. Mondragon will be closely monitored for the next twenty-four hours. Matindi ang head trauma niya. He also had severe cerebral contusion at hindi pa natin made-determine sa ngayon kung gaano ang extent ng damage niyon,” imporma ng neuro specialist na si Dr. De Lara habang nakatayo sila sa tabi ng glass window ng isa sa critical care rooms sa trauma unit ng *Saint Martin's*. Sa loob niyon ay nakaratay si Shaun na samu't saring tubo at aparato ang nakakabit sa katawan.

“Magkakaroon po ba ng permanent damage sa kanya? Wala po bang risk ng coma or anything...” Trevayne’s voice trailed off. Ni ayaw niyang isipin ang posibilidad na iyon. Shaun had to be alive, and well.

“We hope not. But yes, maaari iyong mangyari.” Tinapik siya nito sa braso. “Pero mukhang matapang at walang balak basta sumuko ang kaibigan mo. Kita mo namang kahit matindi ang tama niya at maraming nawalang dugo ay halos normal pa rin ang vitals niya. Let’s hope and pray for the best,” sabi nito bago nagpaalam na muling papasok sa kuwarto upang bilinan ang nurse at intern na nakatoka roon.

Napabuntong-hininga si Trevayne bago muling sumulyap sa kaibigang wala pa ring malay. Dalawang oras matapos niyang matanggap ang tawag mula

kay Divine nang dumating siya sa hospital. Nasa Alabang kasi siya kanina, sa bahay ng mga magulang. Mahigit isang oras na rin siyang nandito, at bago ang doktor ay ang head of security ng *Regalia* na si Mang Danny ang kausap niya. Kasunod niyon ay ang ilang kaibigan nilang pulis at ang iba pang tumutulong sa pag-iimbestiga.

Alam nilang gagawin ng mga kamag-anak ni Shaun ang lahat upang makuha lamang ang anumang pag-aari nito, at kabilang na doon ang paniniguro na mawawala ito sa landas.

Malas lang ng mga ito na mautak din ang kaibigan niya at sinigurong kahit abala sa trabaho ay nangangalap ng impormasyong titiyak na mawala man ito ay hindi rin lubusang magtatagumpay ang mga tusong kaanak.

And Trevayne was willing to do anything to make sure that whoever did this to one of his best friends would be put behind bars.

Make sure you wake up, Bro. Kaya mo iyan.

Ilang sandaling minasdan muli niya si Shaun bago tumalikod at palapit sana sa lounge area nang may marinig siyang ingay mula sa hallway. Pagtingin sa nakabukas na double doors ay kaagad bumilis ang

tibok ng puso niya.

It was Divine. Her short hair was a mess and her eyes looked frantic. Maputla rin ito, namamaga ang mga mata. Hawak ito sa braso ng isang babaeng doktor na mukhang kakilala nito.

“You have to calm down, Viney. Kung hindi isusumbong na talaga kita sa kuya mo,” pagbabanta ng kasama nito, na nanlaki pa ang mga mata.

“How can I calm down?” garalgal ang boses na sabi ni Divine. “Nakita mo naman kung ano ang nangyari sa kanya, hindi ba? And he had a seizure earlier!” she whined.

“At gaya ng s’abi ko, okay na siya,” napapabuntong-hiningang sabi ng doktora.

Minasdan niya ang babae na mukhang hindi pa rin siya napapansin dahil derecho ang tingin nito sa glass window. Magkahalong pagkasabik at lungkot ang nararamdaman ni Trevayne.

Gaano katagal na ba simula nang huli niya itong makita at makasama? Six long years.

Yet, he couldn’t help noticing that even if she looked like she needed to be in the critical care unit as well, Divine Liu was still the most beautiful woman

he had ever seen.

Nakalapit na ito sa glass window ng critical care unit, panay ang tulo ng luha habang nakalapat ang kamay sa salamin at nakatingin kay Shaun.

Hindi pa nakita ni Trevayne na umiyak ang babae nang ganoon at pakiramdam niya ay nadudurog ang kanyang puso sa nasasaksihan. Divine had always been bubbly, a bit loud, feisty and not the kind who would easily get sad. Now she looked almost as if life had been sucked out of her.

Hindi na tuloy niya mapigilang lumapit dito. Nanginginig na ang mga balikat nito at sisinuk-sinok na sa kaiiyak. Panay ang hagod ng kaibigan sa likod nito.

“Divine...” tawag niya, marahang tinapik ang balikat ng dalaga.

Dahilan upang mapaligon ito. Her teary eyes were wide as they looked at him. Takang nakatingin ang doktora ngunit wala namang ginawa o sinabi nang sa pagbaling ni Divine ay dumerecho ito ng yakap sa kanya.

He had always wanted to be this near, to hold her this close. But not like this.

Like The First Time - Sachi Bliss

Still, he took her in his arms and hugged her back.

2

“Are you guys kidding me? Paano kong magagawa ang sinasabi ninyo gayong best friend ko ang nakaratay ngayon sa hospital at nasa kritikal pang kondisyon? Hindi ko magagawa sa kanya ang ibinibintang n’yo!” hindi makapaniwalang sabi ni Divine sa mga kaharap, na binubuo ng dalawang pulis, dalawang *NBI* agents, ang head ng security ng *Regalia* at si Trevayne.

Mag-a-alas nueve pa lang ng umaga at disoriented pa siya nang dumating sa presinto. Halos hindi siya nakatulog sa kuwarto niya sa hospital at panay ang takas upang bisitahin si Shaun. Ilang oras pa lang yata siyang nakatulog nang gisingin siya ni Trevayne at sinabing kailangan nilang magtungo sa presinto.

Willing siyang sumama dahil ang akala niya ay magbibigay lang siya ng statement. Handa siyang sabihin sa mga taong maaaring makatulong sa kanila ang lahat ng nalalaman upang malutas ang kaso. Pero hindi niya inaasahan ang maririnig sa mga ito.

Panay fingerprints kasi niya ang nakita sa crime scene at naroon din ang panyong di-umano ay naiwan niya sa desk nang pumunta sa MIS department nang nagdaang araw. Ngayon ay siya tuloy ang numero

unong napagdududahang gumawa ng krimen.

Ni hindi pa siya nakaka-recover sa kaalamang narito si Trewayne!

At gaya ng ibang taong nasa interrogation room ay iniisip din marahil nitong siya mismo ang nagtangka sa buhay ng best friend niya.

Tumingin siya sa head of security nila. “Mang Danny...” nakikiusap ang mga matang sabi niya.

Napailing ito. “Hindi ko rin alam kung paano nangyari, Divine. Nakausap ko ang mga taga-IT department at sinabi rin nilang naroon ka sa loob ng tatlumpung minuto.”

“Pero wala din namang makapagsabi nang makita ka nilang pabalik na sa opisina mo, Miss Liu,” sabi ng isang pulis. “Nakauwi na ang karamihan at walang ibang makapagbigay ng account kung nakita ba nila ang pagbabalik mo mula sa IT department.”

“Ikaw din lang ang may direktang access sa opisina ni Mr. Mondragon, ang basta nakakapasok,” dugtong ng isa pang pulis.

“May mga naka-install na cameras sa opisina ni Shaun. Alam ko mismo kung saan nakapuwesto ang mga iyon. Na-check n’yo na ba? Kung talagang

ako ang gumawa niyon kay Shaun, di sana siniguro ko munang natatakpan ang mga lens para hindi ako mahuli,” protesta niya.

Nagkatinginan ang mga kausap niya bago nakakaunawang minasdan siya.

“Hindi namin mahanap ang cameras. Pero titingnan namin kung nagawang mai-record pa sa laptop ni Mr. Mondragon ang ilang importanteng footages bago alisin kung iyon man ang ginawa. Pasensya na, Miss Liu, pero hangga’t wala kaming nakukuhang ibang lead sa kaso ay mananatiling ikaw ang pangunahing suspect namin,” mariing pahayag ng pulis.

Helpless na napatingin si Divine sa lalaking kanina pa tahimik at nakamasid lang sa kanila. Trevayne seemed to be in deep thought. He was supposedly their hero, why was he so quiet now?

“Am I being arrested now?” tanong niyang hindi pa rin makapaniwala.

“Hangga’t wala pang nagpa-file ng kaso laban sa ’yo, hindi pa. Malaya ka pa,” sabi ng isang *NBI* agent. “Pero nakikiusap kaming huwag ka muna sanang gumawa ng kahit anong maaaring makapagdiin pa sa posibleng involvement mo sa nangyari.”

“Hindi ka puwedeng umalis ng bansa, Miss Liu,” dagdag ng isang pulis.

Napailing siya. “Anything to clear my name.”

“We will have to ask you a few more questions and take your fingerprints, Miss Liu.”

Parang robot ang dalaga na sunud-sunuran sa mga ito. Automatic ang bawat kilos at sagot niya. Ngunit hindi pa rin niya lubusang maunawaan kung bakit bukod sa nakita sa crime scene ay siya talaga ang pinagbibintangan ngayon.

Hindi nila naisip ni Shaun ang scenario na ito, na maaari siyang gamitin ng mga nagtatangka sa buhay ng kaibigan. Ngayon tuloy ay hindi ni Divine alam kung ano ang susunod na gagawin.

Minasdan niya ang mga taong nasa harap niya. She knew each of these men personally, at alam niyang ginagawa lang ng mga ito ang trabaho. Nasa panig nila ito.

“Alam kong dati pa ay kinausap na kayo ng kaibigan ko, tungkol sa kung ano ang gagawin sakaling may mangyari sa kanya.” Tumango ang mga ito. “Nakikiusap akong sana ay tuparin ninyo iyon. Kailangan ay manatiling mahigpit ang seguridad sa kuwarto niya sa hospital at walang basta makakapasok

na hindi ninyo nababantayan. Hangga't buhay siya, hindi titigil ang kung sinumang tunay na may gawa nito.”

“Don't worry, Miss Liu. Ngayong umaga ay nag-umpisa na ang mga kasamahan naming nakatokang magbantay sa kanya,” paniniguro ng isang pulis.

“Good,” tumatangong sabi niya.

“You can go, Miss Liu. Pasensya na sa abala. Ia-update ka namin agad sa mga developments.” Tumingin ang isang agent kay Trevayne. “May dapat din kayong pag-usapan ni Mr. Allende, kaya hahayaan na namin kayo.”

Muli siyang napatingin sa binata na tahimik na lumapit at hinawakan siya sa braso bago ito mabilis na nagpaalam sa mga kasama nilang nasa kuwarto. Tahimik na iginiya siya nito sa hallway hanggang sa makalabas sila ng presinto. Tinungo nila ang sasakyan nito, at nang pareho na silang nakaupo ay saka lang nagsalita ang lalaki.

“I'm not sure if Shaun told you anything about where you should go if ever something like this happens...” umpisa nito.

“He told me to stay at his unit in *Brighton*,” sabi niyang nangungunot ang noo. “Iyon ba?”

Tumango si Trevayne. “Yes.” Sumulyap ito sa kanya. “At ngayon na. It would be dangerous for you to keep staying where you are now.”

“I am staying with my brother.”

“Who practically lives in the hospital.”

Napabuntong-hininga siya. “Fine. Pero dumaan muna tayo sa bahay para kunin ang gamit ko. May naimpake na ako doon dati pa.”

“Good.” Ipinako ni Trevayne ang tingin sa daan. Patawid na sila sa isang street. “My stuff is already there, too. Pagkagaling natin sa bahay mo, dumaan muna tayo sa supermarket para siguradong hindi kakapusin sa supplies.”

Takang minasdan niya ang katabi. “Anong your stuff is—”

“You don’t know?” nakaarko ang kilay na tanong nito.

“I don’t know what?”

Matamang tiningnan siya ni Trevayne. “I will show you Shaun’s video message. We’re staying together, Divine. Iyon ang bilin niya.”

“Ayos ka lang ba? Kung hindi mo kayang ubusin iyan, puwede namang ilagay mo muna sa ref at kainin mo mamaya. Huwag mong pilitin ang sarili mo.”

Nangungunot ang noong nag-angat ng tingin si Divine mula sa kanina pa pinipilit ubusing big breakfast meal na in-order mula sa isang fastfood chain. Kaharap niya sa mesa si Trevayne na bukod sa nasaid ang kinain ay prente na ngayong nagbabasa ng dyaryo, na parang walang anumang nangyari.

“You’re not going to offer to finish it for me?” Huli na para mabawi niya ang sinabi. That was so six years ago. Iyong si Trevayne ang umuubos ng kinakain niya kapag hindi na niya kaya. Ito rin ang kumukuha ng kung anumang sahog sa mga kinakain nila na allergic siya.

Noon ay sinisiguro nitong kumakain siya sa tamang oras dahil may tendency na siya ay maging workaholic. He made sure she ate healthy, ngunit hinahayaan din siya nitong kumain ng paborito niyang cheese-flavored curls o potato chips. Itini-treat siya ng binata sa ice cream kapag mainit ang ulo niya. Sinasamahan din siya nitong mag-jog o bugbugin ang punching bag sa mini-gym sa opisina ni Shaun kapag nasi-stress siya.

Lagi itong may spare na payong para sa kanya

kapag tag-ulan. May extra towels at cold wipes tuwing tag-init. Nakahanda ang jacket kapag taglamig. Iyon si Trevayne, ang lalaking laging alam ang gusto at kailangan niya bago pa man niya sabihin.

Kaibigan ito ni Shaun simula pa noong high school, na siyang tumulong din dito sa pag-uumpisa ng furniture business nito. Sa kalaunan ay naging malapit din si Trevayne sa kanya. Ngunit dahil sa kanilang tatlo ay si Shaun ang pinakaabala, madalas ay sila ni Trevayne ang magkasama.

Sa dalas ng pagsasama nila, hindi na nagulat si Divine nang isang araw ay aminin na lang niya sa sariling higit na sa isang kaibigan lang ang tingin niya rito.

There were times she wondered if he ever felt the same. He was so sweet and caring she just found herself falling more for him each day.

Ngunit bigla na lang ay umiwas ito sa kanya. Hanggang sa mabalitaan niyang nag-resign ito at umalis ng bansa nang hindi man lang nagpapaalam.

Alam kaya ng kaharap na may nararamdaman siya rito? Was it the reason why he left?

“I’m full,” sabi nito, sabay baba ng binabasa at minasdan siya. “Magpahinga ka na lang muna.”

Hindi alam ni Divine kung ano ang drama ng lalaking ito. Iniwasan at basta nilayasan na lang siya nito anim na taon na ang nakalipas, pagkatapos kung makaakto ngayon ay parang napipilitan lang itong pakitunguhan siya?

“Can’t wait to get me out of your sight... Trevi?” aniya, with stress on the old nickname she had for him. Tumayo siya at inilagay ang carton ng kinakain sa refrigerator.

“Pagod at puyat ka pa, Divine,” mahinahong saad nito. “You rest and then we will talk later.” Muling itinaas ng binata ang dyaryo at itinuloy ang binabasa.

Napipikang lumapit siya at hinablot ang pahayagan. “Gising ako, Trevi. Nakakain na ako at kahit pagod o puyat, kaya kong makipag-usap sa ’yo ngayon.” Itiniklop niya ang dyaryo at inilapag iyon sa mesa. Kahit may pumipitik sa sentido ni Divine dahil sa puyat ay nagawa niyang matingnan nang derecho ang binata.

His striking good looks was the first she noticed when she’d met him six years ago. Sino ang makakalimot sa mapang-akit na mga matang iyon na tila may nais laging ipakihulugan sa tuwing titingnan siya? They looked even more expressive now. Those thick, slanty brows had never looked so good in any

man. That straight nose, the full lips, the near-perfect angles of his face.

Na lalo lang naha-highlight ng palagi na ay maayos at malinis na gupit nito, at nabibigyan ng dagdag na karakter ng five o'clock shadow ng lalaki.

Napalunok siya, hindi pa rin maalis ang tingin sa kaharap.

“Well?” Umarko ang isang kilay nito. “Ano ang gusto mong malaman, Divine?”

“It’s Viney,” pagtatama niya bago pagak na natawa. “Bakit ba ipinagpipilitan ko pa ang nakasanayan natin dati gayong matagal mo na siguro iyong kinalimutan?” Napailing siya. “Sorry, Trevayne.”

“Trevi,” he corrected. Ilang segundong tila sila nagsusukat ng tingin bago ito rin ang sumuko. “Just ask. Hindi ko alam kung saan ako mag-uumpisa.”

Napakurap ang dalaga. Hindi niya inaasahan ang mabilis na pagsuko nito. *Why did you leave? Bakit mo ako iniwasan dati? Saan ka nagpunta? Bakit ka nagbalik ngayon?* Iyon ang gusto niyang itanong, ngunit iba ang lumabas sa bibig niya. “Okay ka lang ba talaga sa ganitong set-up?”

Bahagya itong napangiti. “Wala akong problema

sa set-up na ito. Ikaw?”

Umiling siya. “I am more than willing to do anything Shaun asks me to do. Kung makakabuti ito, why not?”

Nawala ang ngiti ni Trevayne. “You love him that much, huh?”

“Of course.” Sinalubong niya ang tingin nito. Was that sarcasm she detected in his voice? Parang hindi nito nagustuhan ang narinig.

“Partner pa rin ako sa *Regalia Furniture*. I have been taking care of international transactions over the years. At ngayong nasa hospital si Shaun, ako muna ang papalit sa posisyon niya. So you see, dito talaga ang trabaho ko.”

Nanlaki ang mga mata ni Divine. “Alam ba ito ng pamilya niya?”

“Alam ng lolo at lola niya. They’ve both been aware of the threats, at kasama sa plano na ako muna ang papalit sakaling may mangyaring ganito. Pinulong na rin ng matanda ang ilang miyembro ng board of directors na hindi kasali ang mga anak, manugang, pamangkin at apo niya.” Napailing ito.

“He feels sad that he cannot even trust his own

family now, pero gusto din niyang malaman ang totoo. Alam na nila ang nangyari kay Shaun and are keeping quiet about it.”

“Alam din nilang ako ang primary suspect dahil sa CCTV footage?”

He nodded grimly. “Yes. Hindi rin sila makapaniwala.”

“Paano silang maniniwalang ako iyon when they know how much I love Shaun?”

Matamang tiningnan siya ni Trevayne. Something flashed in his eyes. Galit ba iyong nakita niya? May hinanakit ba ang lalaking ito sa kanya? “Too much love can be dangerous, too, Divine.”

“Viney,” she glared at him. “And don’t even go there. Wala kang alam sa kung ano ang mayroon kami ni Shaun, pero sinisiguro ko sa iyong walang dahilan para saktan ko siya sa kahit papaanong paraan.” Gumaralgal ang boses niya sa huling sinabi. *Oh hell, not now!* “Do you know how much...” Huminga siya nang malalim.

Ano ba ang ginagawa niya? Bakit dapat niyang kumbinsihin ang lalaking ito sa kainosentihan niya gayong nilinaw na nito, six years ago, na wala na itong pakialam sa kanya? It wouldn’t matter what

she'd say now. Trevayne probably thought she was just like Shaun's evil relatives. Patunay ang pagsisiguro nitong mananatili sila sa iisang bahay, hindi para protektahan siya kundi para matiyak na hindi siya makakatakas.

Pero bakit tila mas nasasaktan siya ngayon na parang wala itong tiwala sa kanya? Bakit hindi yata niya kaya na matapos ang maraming taon ay ganito pa rin ang trato ng binata sa kanya?

Ano ba ang ginawa niya rito?

“Viney...” tawag nito at lumapit.

Noon niya namalayang puno na pala ng luha ang mga pisngi niya. Asar na pinahid niya iyon gamit ang likod ng kamay.

Na kaagad nitong pinigilan. “Don't do that.” He took out a white handkerchief and began dabbing her tear-streaked face, while another hand held her chin. Noon niya napagtanto kung gaano na ito kalapit. Kung paanong halos magdikit na ang kanilang mga katawan.

Her heartbeat started to race. The nearness was so achingly familiar. Kay raming alaala ang binubuhay niyon. Kasabay ang pagpukaw sa damdaming inakala niyang nakalimutan na niya.

But it only had to take one look from this man, and everything came rushing back like a tidal wave.

May dahilan kung bakit sa loob ng nakalipas na mga taon ay wala siyang ibang minahal.

“I’m sorry, Viney,” bulong ni Trevayne. His thumb had replaced the hanky, as it gently dabbed at the skin under her eyes, on the side of her lips. His hot breath fanned her face, sending shivers through her.

Gusto niyang itanong kung para saan ito nagso-sorry. Ngunit ni hindi niya magawang igalaw ang mga labi, Natatakot siyang kung may lalabas na salita sa bibig niya ay mababasag ang kung anumang spell na bumabalot sa kanila ngayon. From his distant, seemingly unaffected gaze earlier, he now looked at her with such tenderness.

Exactly the way he did years ago before he drifted apart.

3

Ilang minuto nang pabalik-balik sa tapat ng pinto ng kuwarto ni Divine si Trevayne. Pasado alas siete na ng gabi at oras na ng hapunan. Nagluto siya para sa kanilang dalawa at kanina pa niya iniisip kung kumain ba ito ng tanghalian. Hindi nabawasan ang mga pagkain sa refrigerator nang i-check niya iyon pagkagaling sa hospital kung saan inalam niyang muli ang kondisyon ni Shaun.

Stable pa ang kalagayan nito at ilang beses daw na nagising nang ilang minuto, upang muli lang mawalan ng malay. Nag-text siya kay Divine ng updates at panay simpleng ‘okay’ lang ang laging reply nito.

Naiintindihan naman ni Trevayne kung bakit masama ang loob nito sa kanya ngayon. Aminado siyang hindi niya alam kung paano ito pakikitunguhan ngayon, kahit na matagal na rin niyang pinaghahandaan ang muli nilang pagkikita.

He just got back from Edinburgh, Scotland a few weeks ago. Anim na taon din siyang nanatili sa iba’t ibang major cities sa United Kingdom at Western Europe. He took advantage of a post-graduate

scholarship at the *University of Glasgow* in Scotland, before moving to Edinburgh as a sustainable development consultant for an organization affiliated with the *United Nations*.

Dumating ang scholarship grant niya noon sa panahong alam niya na kailangan na niyang isuko ang isang aspeto ng buhay niya at para magawa iyon ay kailangan niyang lumayo. It was a very good excuse to break away from *Regalia*, but still kept his friendship with Shaun.

Sa tingin niya ay iyon na ang isa sa pinakamainam na desisyong nagawa niya. Ang akala ni Trewayne ay lubusan siyang makakalimot, upang gulatin lang ng isang balita mula mismo kay Shaun mahigit isang taon na ang nakararaan.

Noon pa niya gustong bumalik, pero may kontrata pa siyang dapat tapusin. Hindi naman niya inaasahang sa pagbabalik ay ganito pa ang sitwasyong daratnan niya.

At narito muli si Divine sa buhay niya sa isang pambihirang pagkakataong sana ay mas napaghandaan niya.

It was quite complicated now. Hindi man siya naniniwala ay hindi rin niya maaaring ipagwalang-

bahala ang posibleng involvement nito sa nangyari sa isa sa pinakamalalapit niyang kaibigan.

Napapabuntong-hiningang huminto siyang muli sa tapat ng nakasarang pinto ng inookupang kuwarto ni Divine bago aktong kakatok sana nang bigla naman iyong bumukas. Tumalon yata ang puso niya sa gulat, at marahil ay ganoon din ang pakiramdam ng babae dahil sapo nito ang dibdib habang nanlalaki ang mga matang nakatingin sa kanya.

“What the hell...!” Tumaas ang isang kilay ni Divine habang nakamasid sa kanya.

Noon niya napagtantong ilang pulgada na lang pala ang pagitan ng mga katawan nila at nakaharang pa siya rito. He should step aside, but he couldn't move a muscle. Natulala na siya sa nakitang hitsura at ayos ng babae.

She wore a loose white shirt, cut-off shorts and fluffy bedroom slippers that looked like a pair of Cookie Monster's heads. Magulo ang buhok nito at dilat na dilat ang mga mata, tanda na kagigising lang. Namumula pa ang mga pisngi nito.

She looked so raw, so unguarded, and so beautiful.

He cleared his throat. “K'ain na tayo.”

Nangunot ang noo ng dalaga bago kinuha ang kaliwang kamay niya at tiningnan ang oras sa relo. “Seven twenty na. Bakit hindi ka pa nauna? Di ba lagi kang gutom at hindi makahintay kumain?”

Napangiti siya. Naalala pa pala nito ang bagay na iyon. “Mas okay kumain kapag may kasabay.”

Minasdan lang siya ni Divine na parang tinubuan siya ng sungay sa ulo. Tila may sasabihin pa sana ito nang may marinig silang sunud-sunod na katok sa main door.

Naalarma siya. Walang ibang nakakaalam na narito sila ngayon sa unit ni Shaun. Kaunti rin lang ang nakakaalam na may pag-aaring flat dito ang kaibigan niya. Naramdaman niya ang bahagyang pagtulak ni Divine upang umalis siya sa pagkakaharang dito.

“Ako na.” Tinapik niya ito sa braso bago humakbang upang tingnan kung sino ang kumakatok. Alerto siya at sumulyap muna sa lalagyan ng stun gun sa ibabaw ng console malapit sa pinto. Mabuti na ang nag-iingat.

He was expecting to see either the police, or any of Shaun’s relatives. Sa halip ay isang magandang babaeng kasintaas at kasing-katawan ni Divine ngunit lampas-balikat ang nakalugay na buhok ang

nabungaran niya. May dala itong plastic container at paper bag.

The woman looked vaguely familiar.

“Hi, Trevi. Si Divine?” nakangiting bungad nito.

Napakurap siya. She knew him? At tinawag siya nitong Trevi! “Pardon? Ah, do we...” Nang tingnan siya nang masama ng kaharap ay saka niya naalala kung sino ito. “Sharleen! Shit, sorry.” Niluwangan niya ang bukas ng pinto. “Huling kita ko sa iyo, short hair ka pa. Pasok ka.”

Dumerecho ng lakad ang babae palapit kay Divine, sabay abot dito ng mga dala. “Marami iyan, puwede kayong mag-share.” Makahulugang nagpalipat-lipat ang tingin ni Sharleen sa kanila. “Aalis na ako,” anito, sabay nagmartsa na pabalik sa pinto.

“Wait, you can’t just—”

“I knew about this place even way before,” agaw nito sa sabihin niya. “Huwag kang mag-alala, hindi ako chismosa. At wala din kaming balak ni Divine na sirain ang kung anumang nakaplano para mahuli n’yo ang *tunay* na may kasalanan.” Mataman siya nitong minasdan.

Napabuntong-hininga si Trevayne. “Fine. Just don’t drop by unannounced next time. Hindi natin alam kung may mga nagbabantay na dito sa *Brighton* at baka masundan ang kung sinumang gustong dumalaw kay Divine.”

Tumango ito. “Noted. And Trevi...” mahinang sabi ng babae. “Huwag ka na sanang babagal-bagal at tatanga-tanga this time.” Iyon lang at ito na mismo ang nagsara ng pinto. Ilang sandaling nakatingin lang siya roon bago muling hinarap si Divine na nakalipat na sa kusina at sinisimulang lantakan ang dala ng kaibigan.

“May usapan tayo kanina lang umaga, Divine. Walang ibang dapat makaalam kung nasaan ka at kung ano ang talagang dahilan kung bakit kailangang magsama tayo,” malumanay na sumbat niya habang palapit dito.

“You heard her. Wala kang dapat ipag-alala. Sharleen is my best friend at bukod sa kuya ko ay siya ang itinuturing kong pamilya dito. Hindi puwedeng hindi niya alam ang nangyayari,” depensa nito bago sumubo ng spring roll.

Hindi tuloy niya maalis ang tingin sa mga labi nito na tila slow motion pa ang pagnguya. Why are those lips so red when she’d just woken up?

“Kumain ka nga muna. Baka gutom ka lang kaya ang paranoid mo,” naiiling na sabi nito bago walang babalang nilapitan siya at iniumang sa kanyang bibig ang isang piraso ng lumpia. He was caught off guard, especially because Divine even held his chin. Napaawang tuloy ang mga labi niya na sinamantala ng babae upang maisubo sa kanya ang pagkain.

Nakatingin lang siya sa mga mata nitong ngayon ay nagniningning. She looked both mischievous and defiant. Hindi rin ito natitinag kahit halos magdikit na ang dulo ng mga suot nila sa paa, at may kalahating ruler na lang siguro ang layo ng mga mukha nila sa isa’t isa.

Siya ang umalis at umasang sa pagbabalik ay bagong Trevayne na ang ihaharap niya kay Divine. Ngunit bakit ngayon ay tila walang nagdaang mga taon sa pagitan nila?

Divine Liu still made him nervous.

Dahan-dahan ang pagbukas at pagsara ni Divine ng pinto. Takot siyang gumawa ng anumang ingay dahil baka magising ang taong nasa kabilang kuwarto na katabi lamang ng silid niya. Talo pa ni Trevayne ang werewolf sa tindi ng mga senses nito. Buong

weekend, pakiramdam niya ay alam nito pati na ang iniisip niya.

They barely talked. Nagugulat pa rin siya at hindi makapaniwala sa tuwing maiisip na narito na uli at kasama pa niya sa iisang bahay ang lalaki. Nasanay na siyang wala ito. Nasanay na siya sa nararamdamang sakit sa tuwing naalala ito. Bakit ba sa dinami-dami ng kakilala niyang kaibigan ni Shaun ay sa lalaking pang iyon nito ipinagkatiwala ang pagbabantay sa kanya?

Napailing si Divine bago iginalala ang tingin sa kusina at sala. Muntik na siyang mapasigaw nang sa pagdako ng mga mata sa living area ay nakita niyang prenteng nakaupo sa couch ang binata, nakabihi na at hawak ang isang tablet personal computer. Nangungunot ang noo nito habang nakamasid sa kanya.

“Where are you going?” tanong niya habang sapo ang dibdib.

Ilang sandaling nag-tap ito sa tablet bago ibinaba iyon sa mesita sa harap nito. He stood up, giving her an eyeful of how glorious he looked so early in the morning.

“I should be the one asking that.” Mabagal na

nilapitan siya nito. “Pasubok-subok ka pa, para kang pusa.” Ilang sandaling huminto ang lalaki sa tabi niya. Minasdan siya nito habang unti-unting nawawala ang pangungunot ng noo. It was as if he was looking at something he really liked. Tila nakangiti na ang mga mata nito bago nagpatuloy sa paglalakad derecho sa kitchen counter.

“I’m off to work,” napapabuntong-hiningang pahayag niya.

“At six a.m.? Madali lang ang biyahe mula dito hanggang sa *Regalia*.” Tumaas ang isang kilay nito nang lingunin siya saka itinuloy ang pinagkakaabalahan sa counter.

“Dadaan ako kay Shaun.” Hindi na niya napigilan ang pagkabasag ng boses. Nang nakalipas na gabi lang kasi ay nag-text si Miranda at sinabing comatose na ang kaibigan niya. She felt so helpless.

Gustung-gusto niyang puntahan kaagad ang kaibigan, ngunit alam din niya ang panganib na dala niyon. Nang nagdaang araw ay nalaman nilang pinaghahanap siya ng mga tusong kaanak ni Shaun. They were convinced that it was her who tried to murder her best friend. Pinayuhan sila ng lolo nito, na mag-ingat at huwag siyang pupunta kahit saan na hindi kasama si Trewayne. The old man, thankfully,

believed she was innocent.

Ngunit kahit sa kaalamang iyon ay hindi mapalagay si Divine. Si Shaun lang ang gusto niyang paniwalaan at this point, kahit na nagtatampo siya dahil kay rami palang detalye tungkol sa mga plano nito ang hindi niya alam. Kaya lang ay hindi rin niya ito masisi. Nobody saw this coming, na siya pa pala ang gagawing prime suspect sa nangyari rito.

“Kumain ka muna. Namumutla ka,” pukaw sa kanya ni Trevayne, na nasa harap na pala niya at dala ang isang mug ng kape at isang box ng doughnuts. “Kakain uli tayo later after we visit Shaun.” Bahagya itong ngumiti.

Ilang segundong nakatingin lang siya rito bago niya kinuha ang mug. Hinawakan siya nito sa likod at iginiya sa sala. Tahimik na ininom niya ang kape. Tama lang ang init niyon. At ang timpla ay sakto lang sa kanyang panlasa.

Sa kabila ng mga naiisip at nararamdaman ay hindi rin niya napigilan ang mapangiti.

How she hated it when she was so easy to please.

Masarap na kape lang ito. Na ginawa ni Trevayne. Na hindi niya alam na kabisado pa rin pala ang timpla niya.

“How is it, Viney?” May pag-aalala sa mga mata nito na nakaupo sa katapat na loveseat habang nakatingin sa kanya. Gaya ng kung paanong tila lagi itong nag-aalala sa tuwing ipagtitimpla o ipagluluto siya ng kahit ano dati.

“It’s good, Trevi,” she finally said. “Thanks.” Sinalubong niya ang tingin nito.

At gaya ng dati, sa tuwing maririnig na ni Trevayne sa kanya ang mga salitang iyon ay tila nabunutan ito ng tinik sa dibdib. His face brightened. Lalo itong gumuwapo.

The past several years have been very kind to him. He looked manlier, more grown-up now. Wala na ang dating brooding at mahiyaing Trevayne na nakilala niya. He now exuded quiet authority and confidence. But when it came to finding out if he did it right with the coffee, he still behaved like a bashful, nerdy kid.

Nalilito na tuloy ang dalaga. Hindi siya dapat magpadala sa nararamdaman. He had no right to pull her back to that girl she was several years ago. Sanay na siyang wala ito sa buhay niya, at tama na iyon.

Kumuha si Divine ng isang doughnut at tahimik na kumain. Hindi siya nag-angat ng tingin hanggang

sa makaubos ng dalawa at masaid na rin ang laman ng mug. All the while, she could feel him watching her.

Hindi niya alam kung paano niya iyon natagalan.

Bitbit ang box ng doughnuts at mug ng kape ay tumayo siya at walang salitang nagtungo sa kusina. Ramdam niya ang pagsunod ng lalaki habang inilalagay niya ang box sa refrigerator.

“Viney, hindi puwedeng magkukulong ka na lang sa kuwarto lagi at iiwasan mo ako nang ganito.”

“Hindi ako umiiwas.” Isinara niya ang pinto ng fridge. “Hindi pa lang ako sanay na nandito ka uli.”

“Paano ka masasanay kung hindi mo ako kinakausap? Kung nasa kuwarto ka lang?” Nakasunod ito hanggang sa tapat ng lababo kung saan mabilis na hinugasan niya ang mug.

“I have nothing to say to you.” Itinaob niya ang mug sa rack. Tama bang komprontahin siya nito nang ganito kaaga? “Asa ka pang magiging close tayo, eh, ikaw itong lumayo na lang bigla, di ba?”

Natahimik ang kausap. Hindi pa rin niya ito tinitingnan. Nilampasan niya ito at dumerecho sa sala.

“We should start over, Viney.”

Napahinto siya at nilingon ito. “Start over with what?”

“Hindi puwedeng ganito tayo lagi. We will be working together.”

“Working together? Hindi ba at ako lang naman ang number one suspect ninyo? Inaasahan mo bang bukod sa kooperasyon ko sa imbestigasyon ay makikipag-chummy pa ako sa 'yo?”

Sa halip na sumagot ay inilabas ng kausap mula sa inner pocket ng coat nito ang isang set ng mga susi. Nanlaki ang mga mata niya sa nakita. Master keys iyon sa *Regalia*! At namumukod-tangi sa bungkos ang ipinasadyang itim na susi sa opisina ni Shaun.

She knew exactly what it meant, at gusto niyang sabunutan ang kaibigan kahit pa comatose ito. Again, another detail he never told her.

He stepped closer with that knowing tender smile of his. “Until Shaun recovers, I’m going to be your boss, remember?”